# Maghandang mag-enroll at bumoto



ELECTORAL COMMISSION
TE KAITIAKI TAKE KŌWHIRI

ROE47 A4 Tagalog 04/2026

## Bakit dapat mag-enroll upang bumoto?

Kung naka-enroll ka para bumoto, magkakaroon ka ng boses sa mga pangkalahatang eleksyon, lokal na eleksyon at referendum. Ang mga eleksyon ang pagkakataon mong magkaroon ng boses kung sino ang kakatawan sa iyo sa Parliamento o sa lokal na konseho sa mga isyung mahalaga sa iyo.

**Tiyaking maririnig ang boses mo sa pamamagitan ng pag-enroll para bumoto.**

## Sino ang maaaring mag-enroll upang bumoto?

Dapat kang mag-enroll kung ikaw ay:

- **18 taong gulang pataas, at**
- **mamamayan ng New Zealand o residente para sa layunin ng pagboto, at**
- **nanirahan sa New Zealand nang tuluy-tuloy sa loob ng 12 buwan o higit pa sa anumang panahon ng iyong buhay.**

Ikaw ay residente para sa layunin ng pagboto kung ikaw ay legal na naninirahan sa New Zealand at hindi mo kailangang umalis sa loob ng isang itinakdang panahon. Kasama dito ang isang taong may resident visa.

Kung ikaw ay Australian, Niuean, Tokelauan, o Cook Islander, maaari kang mag-enroll kung nanirahan ka sa New Zealand nang tuluy-tuloy sa loob ng 12 buwan o higit pa.

Kung nanirahan ka sa ibang bansa, puwede kang mag-enroll para bumoto kung ikaw ay:

- **18 taong gulang pataas, at**
- **nanirahan sa New Zealand nang tuluy-tuloy nang mahigit 12 buwan sa anumang panahon ng iyong buhay, at**
- ikaw ay alinman sa: **isang mamamayan ng New Zealand na nakapunta sa New Zealand sa loob ng nakaraang 3 taon, O isang residente para sa layunin ng pagboto na nakapunta sa New Zealand sa loob ng nakaraang 12 buwan.**

Maaari kang mag-apply para mag-enroll kapag ikaw ay naging 17 taong gulang na.

Kapag 18 taong gulang ka na, awtomatiko kang mae-enroll at magiging handa ka nang bumoto.

## Pag-e-enroll upang bumoto kung ikaw ay isang Māori

Kung Māori ang mga ninuno mo at nag-e-enroll ka sa unang pagkakataon, makakapili ka kung saang electoral roll ka: sa Māori roll o sa pangkalahatang roll.

Ang pipiliin mong roll ang magpapasya:

- kung saang electorate ka boboto
- ang mga kandidatong maaari mong pagpilian.

Kapag naka-enroll ka na, maaari kang magpalit ng roll na kinabibilangan mo anumang oras, maliban kung:

- sa loob ng 3 buwan bago ang pangkalahatang eleksyon o ang lokal na eleksyong ginaganap tuwing ika-3 taon
- bago ang parliamentaryong by-election kung bunsod ng pagbabago ay malilipat ka sa electorate kung saan gaganapin ang by-election.

**Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng iyong napiling roll?**

Sa pangkalahatang eleksyon, kung pipiliin mo ang pangkalahatang roll, iboboto mo ang kandidatong nasa pangkalahatang electorate. Kung pipiliin mo ang Māori roll, iboboto mo ang kandidatong nasa Māori electorate. Maiboboto mo ang parehong listahan ng mga politikal na partido, saang roll ka man kasali.

Maaaring makaapekto ang roll na pipiliin mo kung sino ang puwede mong iboto sa mga lokal na eleksyon. Kung pipiliin mo ang Māori roll, at ang iyong lokal na konseho ay may Māori ward o constituency, iboboto mo ang mga kandidatong nasa Māori ward o constituency. Kung pipiliin mo ang pangkalahatang roll, iboboto mo ang mga kandidatong nasa pangkalahatang ward o constituency.

## Nag-aalala ka ba para sa iyong personal na kaligtasan?

Kung nag-aalala ka para sa iyong personal na kaligtasan, o ng iyong pamilya, maaari kang mag-apply na mapunta sa kumpidensyal at hindi naka-publish na roll. Pananatilihin naming ligtas ang mga detalye ng iyong enrollment at hindi namin ibibigay ang mga iyon kahit kanino. Kung ikaw ay nasa hindi naka-publish na roll, hindi isasama ang iyong mga detalye sa mga naka-print na electoral roll at hindi mo magagawang suriin o i-update online ang iyong mga detalye.

Kapag boboto ka, kakailanganin mong kumpletuhin ang espesyal na pagboto at punan ang karagdagang form kasama ng iyong balotang papel upang kumpirmahin ang electorate kung saan ka naka-enroll para bumoto. Pumunta sa **vote.nz** o tumawag sa **0800 36 76 56** para sa higit pang impormasyon at application form.

## Paano ako mag-e-enroll?

Madaling mag-enroll at mag-update ng iyong mga detalye. Maaari kang:

- mag-enroll online sa **vote.nz** gamit ang iyong New Zealand driver licence, New Zealand passport, o beripikadong pagkakakilanlan sa RealMe
- tumawag nang libre sa **0800 36 76 56** at humingi ng enrollment form na ipadadala sa iyo.

Kapag nakumpleto na, lagdaan at ibalik ang form sa amin. Kapag naka-enroll ka na, itatala ang iyong pangalan sa electoral roll. Ang electoral roll ay listahan ng mga taong maaaring bumoto sa mga eleksyon. Dapat ay nasa electoral roll ka upang makaboto.

Kailangan mong i-update ang iyong mga detalye sa tuwing lilipat ka ng bahay.

Tiyaking mayroon kami ng iyong email address at numero ng cellphone para makontak ka namin tungkol sa pag-e-enroll at pagboto.

Kapag nag-enroll ka sa unang pagkakataon o nag-update ng alinman sa iyong mga detalye, padadalhan ka namin ng liham o email upang tiyaking tama ang iyong mga detalye.

## Kailangan ng tulong para mag-enroll?

Maaari mong hilingin sa isang taong kilala mo, tulad ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya na tulungan kang kumpletuhin ang iyong enrollment form, o na kumpletuhin ang iyong form para sa iyo.

Kailangan mong lagdaan ang form.

Kung may kilala kang hindi kayang kumpletuhin o lagdaan ang kanilang enrollment form dahil sa pisikal o mental na kapansanan, maaari kang tumulong.

## Nais ng higit pang impormasyon?

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pag-enroll at pagboto:

- bisitahin ang **vote.nz**
- tumawag sa **0800 36 76 56**

Available rin ang impormasyon tungkol sa pagpapa-enroll at pagboto sa ibang wika at alternatibong format sa **vote.nz**

ELECTORAL COMMISSION
TE KAITIAKI TAKE KŌWHIRI